# Pamamaga ng utak

## Japanese encephalitis

### Ano ang Japanese encephalitis (pamamaga ng utak)?

Ang Japanese encephalitis ay isang hindi karaniwan ngunit matinding impeksyon na dulot ng Japanese encephalitis virus. Ito ay naikakalat sa mga tao sa pamamagitan ng mga naimpeksyong lamok.

### Ano ang mga sintomas ng Japanese encephalitis?

Karamihan sa mga taong nagkaroon ng Japanese encephalitis ay walang anumang mga sintomas.

Ilang mga tao ay maaaring magkaroon ng mga sintomas na kagaya ng:

- lagnat
- sakit sa ulo
- pagsusuka

Ang ilang tao na may matinding impeksyon (1 sa bawat 250 katao) ay maaaring magkaroon ng mga sintomas katulad ng:

- paninigas ng leeg
- naguguluhan sa direksyon
- panginginig
- pagka-walang malay
- mga pagkaatake
- pagka-paralisado

Kung magkaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito, agad na makipag-ugnayan sa isang doktor, o kung sa isang emerhensya ay tumawag sa Triple Zero (000) o bisitahin ang iyong pinakamalapit na kagawaran ng emerhensya.

Sa mga nagkaroon ng isang matinding impeksyon, ang ilan ay maaaring magkaroon ng panghabambuhay na mga komplikasyong sakit na apektado ang utak, ugat at galugod (neurological) o kaya ay pagkamatay.

Kung magkaroon ka ng mga sintomas, maaaring lilitaw ang mga ito ng mula 5 hanggang 15 araw pagkatapos makagat ng mga naimpeksyong lamok.

### Paano naikakalat ang Japanese encephalitis virus?

Naikakalat ito kung ang isang lamok ay kakagat sa isang hayop (tulad ng mga baboy o mga ibong pantubig) na may Japanese encephalitis virus at pagkatapos ay kakagat ang mga lamok na ito sa isang tao.

Ang mga tao ay hindi maaaring makahawa ng Japanese encephalitis virus sa kapwa tao. Ang mga tao ay hindi mahahawaan ng Japanese encephalitis virus sa pamamagitan ng paghipo sa isang naimpeksyong hayop o pagkain ng mga ginawang produktong galing sa mga hayop.

© NSW Ministry of Health. SHPN (HPNSW) 220142. October 2022.

## Sino ang may mas malaking panganib sa Japanese encephalitis virus?

Ang mga may mas mataas na panganib sa Japanese encephalitis virus ay mga:

- taong nagtatrabaho o gumagawa ng mga aktibidad sa labas ng bahay (hal. pagkakamping, pangingisda, paglalakad sa parang (hiking), paghahardin) sa mga lugar na may mataas ang panganib.
- taong nagtatrabaho o nakatira na malapit sa mga babuyan (kung naimpeksyon ng lamok, ang mga baboy ay maaaring magkaroon ng mataas na antas ng virus, at makakahawa ng mas maraming lamok kapag kinagat)

## Paano mo malalaman kung mayroon kang Japanese encephalitis?

Kung mayroon kang mga sintomas na nakalista sa itaas, maaaring magsagawa ang isang doktor ng isang pagsusuri upang tuklasin ang virus. Maaari ring sukatin ng isang doktor ang antas ng mga antibody (selyulang panlaban) na lumalaban sa Japanese encephalitis sa mga maliit na sampol ng dugo o spinal fluid.

## Paano ginagamot ang Japanese encephalitis?

Walang partikular na pagpapagamot para sa Japanese encephalitis. Ang mga pasyenteng may mga sintomas ay kadalasang mangangailangan ng suporta ng ospital at kung minsan ay intensive care (masinsinang pag-aaruga).

## Paano ko maiiwasan ang Japanese encephalitis virus?

Ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang Japanese encephalitis ay ang hindi makagat ng mga lamok.

Protektahan ang iyong sarili:

- gumamit ng insect repellent (isprey). Ang mga pinakamahusay na mosquito repellent ay may diethyltoluamide (DEET), picaridin, o langis ng lemon eucalyptus
- magsuot ng mahaba, maluwag at mapusyaw (mas maputi) ang kulay na pananamit kapag nasa labas at magsuot ng may lukob na sapatos
- huwag magpalipas ng maraming oras sa labas sa madaling araw at dapit-hapon na siyang oras na napaka-aktibo ang mga lamok
- takpan ang lahat ng mga bintana, pinto, singawan, at iba pang mga pasukan ng pantabing ng insekto
- alisin ang anumang sisidlan ng tubig sa paligid ng iyong bahay kung saan maaaring magparami ang mga lamok
- gumamit ng mga insecticide spray, mga vapour dispensing unit (sa loob ng bahay), at katol (sa labas) upang alisin mula sa mga silid at bugawin ang mga lamok mula sa isang lugar
- gumamit ng kulambo o mga pantabing (screens) kapag magkakamping

## Ang pagbabakuna laban sa Japanese encephalitis

Ang bakuna laban sa Japanese encephalitis ay ligtas at mabisa para sa mga taong nasa edad 2 buwan at mas matanda.

Ang pagbabakuna ay inirerekomenda para sa mga may pinakamataas na panganib sa virus ng Japanese Encephalitis.

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa kung sino ang maaaring makakuha ng isang libreng bakuna.

Ang bakuna ay inirerekomenda rin para sa ilang tao na maglalakbay sa mga bansang may mataas na panganib.

Kung sa palagay mo ay maaari kang magpabakuna, makipag-usap sa iyong lokal na doktor ngayon. Kung kailangan mo ng suporta sa wika, tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS) sa 131450 at humiling ng healthdirect sa 1800 022 222.

© NSW Ministry of Health. SHPN (HPNSW) 220142. October 2022.